



MGA ALITUNTUNIN SA PAG-UUGALI

Habang nagtutulungan tayo para magbigay ng mga serbisyo at suporta sa mga taong may developmental na kapansanan sa ating komunidad, sinisikap ng North Los Angeles Regional Center (NLARC) na gumawa ng kapaligiran ng paggalang sa isa't isa at pagiging sibil para sa mga trabahador, mga konsyumer, sa kanilang mga pamilya, at lahat ng iba pang miyembro ng komunidad. Para makamit ang layuning ito, hinihikayat namin ang kalayaan sa pagpapahayag, sa loob ng konteksto ng isang kapaligirang sumusuporta, ligtas, at walang harassment. Hinihikayat ng NLARC ang positibong komunikasyon at hindi hinihikayat ang mga aksyon na o nakikita bilang masama o pagbabanta ng o sa mga trabahador, mga kinatawan ng NLARC kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga miyembro ng lupon nito, mga konsyumer, miyembro ng pamilya, vendors, service providers, kontratista, at sinumang nakikibahagi sa NLARC sa anumang kapasidad. Hinahangad namin ang iyong pakikipagtulungan sa pagtiyak na ang bawat miting at ugnayan ay gaganapin sa loob ng balangkas ng paggalang sa isa't isa at pagkamapitagan sa lahat ng kasali.

Leer más

Magbasa pa

ادامه مطلب

Կարդալ ավելի

Читать далее



자세히 알아보기